# Paano kumuha ng driver license sa AA Center at AA Driver Licensing Agents

Driver Licensing Services
at AA Centres and
AA Driver Licensing Agents

NZ TRANSPORT AGENCY
WAKA KOTAHI

FACT SHEET

Tagalog (Filipino)

## Paano magpaconvert ng lisensya galing ibang bansa sa NZ driver license

Converting to an NZ driver licence




### Bakit mo kailangang magkaroon ng lisensya para makapagmaneho dito sa NZ

- Maaari kang magmaneho sa mga kalsada ng NZ gamit ang balidong lisensiya mula sa ibang bansa hanggang 18 buwan para sa kotse, at hanggang 12 buwan para sa motorsiklo o mabibigat na sasakyan, simula sa huling araw ng iyong pagdating sa NZ
- Pagkatapos ng panahong ito, kailangan mong magpalit sa balidong NZ driver license upang makapagmaneho nang legal

### Saan ka pwedeng magpa-convert ng license

- Pwedeng magpa-convert sa NZ license sa mga AA Center at aprubadong AA Driver Licensing Agents na **Overseas License Conversion Sites.**
- **May 30+ na mga** AA Center sa buong New Zealand

### Mahalaga

- Para makapag-apply sa pagpapalit ng lisensya mula sa ibang bansa, ang customer ay kailangang mag-apply ng personal.
- Ito ay isang proseso na ginagawa ng personal sa mga aprubadong site ng Waka Kotahi NZTA

### Ano ang dapat mong dalhin

- Orihinal na kasalukuyang lisensya sa pagmamaheho mula sa Pilipinas o sa ibang bansa*
- Orihinal na kasalukuyang pasaporte
- Orihinal na mga sertipiko ng kasal o pagbabago ng pangalan (kung kinakailangan)
- Xerox copy na may kulay ng lahat ng orihinal na mga dokumento (maaring gawin sa AA Center ngunit babayaran)
- Sertipikong medikal (kung kinakailangan)
- Kung hindi ito nasa Ingles, kailangan ng pagsasalin ng iyong lisensya mula sa ibang bansa (mula sa aprubadong tagasalin)

*Ang lisensya ng driver mula sa ibang bansa ay mageexpire pagkalapis eexpire pagkalipas ng isang taon mula ng pagdating sa NZ.

*Maaaring kailanganin mong magbigay ng patunay ng pagkakakilanlan depende sa kung saan nagmula ang iyong lisensya at ID

### Ano ang dapat mong gawin kapag pumunta ka sa AA Center o aprubadong AA agents

- Punan ang form ng aplikasyon
- Bayaran ang bayad sa pagpapalit ng lisensya mula sa ibang bansa
- Pumasa sa pagsusuri ng paningin
- Magpakuha ng larawan sa AA Center o aprubadong AA Agents, at pumirma

### Mga bansa na hindi sakop at sakop ng conversion

Mayroong dalawang magkaibang proseso para magpa-convert ng lisensya sa NZ. Depende ito sa bansang pinanggalingan ng iyong lisensyang pangmaneho.

### Kung ang iyong lisensyang pangmaneho ay galing sa exempted na bansa

Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa AA Center o AA Overseas License Conversion Site para sa conversion. **Maaaring hindi mo kailanganging gawin ang teorya o praktikal na pagsusulit.**
Kung ang iyong lisensya galing ibang bansa ay na-issue ng hindi hihigit sa dalawang taon, maaring kailanganin gawin at ipasa ang ilang pagsusulit.

### Kung ang iyong lisensyang pangmaneho ay galing sa hindi exempted na bansa

Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa AA Center o AA Overseas Licence Conversion Site para sa conversion. **Kumpletuhin ang dalawang sumusunod na hakbang:**

UNANG HAKBANG - **Ipasa ang teoryang pagsusulit** na sumusuri sa iyong kaalaman sa mga patakaran sa kalsada ng NZ.

- Maaring magpatala at gawin ang pagsusulit na ito sa AA Driver Licensing Agents.
- Kapag naipasa ang pagsusulit, makakakuha ka ng pansamantalang lisensya ng NZ. Gamit ang lisensyang ito, maaari kang magmaneho kasama ang isang tagabantay/superbisor (isang driver na may buong lisensya ng hindi kukulangin sa dalawang taon)

PANGALAWANG HAKBANG - **Ipasa ang practical test** sa pagmamaneho sa mga publikong kalsada, kasama ang opisyal na testing officer.

- Maaari kang magpatala para sa pagsusulit sa isa sa mga AA Overseas Licence Conversion Sites.
- Maari kang magpatala at gawin ang pagsusulit na ito pagkatapos pumasa sa teoryang pagsusulit.
- Makukuha lamang ang NZ licence kapag naipasa ang practical test.

### Pag-convert ng lisensya sa NZ driver licence kung walang balidong driver license galing ibang bansa

Kung ang iyong lisensya galing ibang bansa ay expired na ng higit 12 buwan, kakailanganin mong dumaan sa karaniwang proseso ng pagkuha lisensya.
Mangyaring tingnan ang aming website para sa karagdagang impormasyon.

Mangyaring tingnan ang pahina dalawa para sa mga mapagkukunan ng karagdagang impormasyon at mga link patungo sa kaugnay na impormasyon.

# Paano kumuha ng driver license sa AA Center at AA Driver Licensing Agents

Driver Licensing Services at AA Centres and AA Driver Licensing Agents

Tagalog (Filipino)

Karagdagang impormasyon RESOURCES

## Paano magpaconvert ng lisensya galing ibang bansa sa NZ driver license

Converting to an NZ driver licence

Para sa iba pang mapagkukunan ng mahalagang impormasyon ukol sa pagconvert sa NZ driver license:

For useful resources that you might need to convert to an NZ licence:

**Pag-convert ng lisenya galing sa ibang bansa**
Tingnan ang aming webpage para sa karagdagang impormasyon sa mga bansang exempted at hindi exempted.

**aa.co.nz**/overseas-licence-conversions

**Mga lokasyon**
Humanap ng pinakamalapit na AA Center o AA Driver Licensing Agent na aprubadong mag convert ng lisensya galing ibang bansa.

**locations.aa.co.nz**/search/overseas-licence-conversion

**Tungkol sa mga NZ driver license**
Alamin ang iba pang impormasyon ukol sa iba't ibang NZ driver license at mga proseso sa pagkuha nito.

**aa.co.nz**/driver-licences

**New Zealand Road Code**
Kumuha ng NZ Road Code sa iyong pinakamalapit na AA Center o bilhin ito online sa AA Shop website.

**shop.aa.co.nz**/products/the-official-new-zealand-road-code

**Paghahanda para sa pagsusulit na teorya**
Sanayin ang iyong kaalaman at maghanda sa pagsusulit gamit ang AA Road Code Practice Test.

**aa.co.nz**/road-code-practice-test

**Paghahanda para sa praktikal na pagsusulit**
Maghanda para sa practical test ng pagkuha ng lisensyang pangmaneho sa pamamagitan ng pag-enrol sa isang AA Driving Instructor.

**aa.co.nz**/drivers

**Mga aprubadong tagaslin mula sa ibang lenggwahe**
Humanap ng aprubadong tagasalin sa Ingles mula sa ibang lenggwahe sa website ng NZTA Waka Kotahi.

**nzta.govt.nz**/approved-translators

**Application form**
Kumuha ng application form sa iyong pinakamalapit na AA Center o AA Driver Licensing Agent, o mag-download ng PDF at mag-print ng kopya galing sa website.

**nzta.govt.nz**/assets/resources/application-conversion-overseas-licence-dl5/docs/dl5.pdf

**Tungkol sa mga superbisor**
Kumpirmahin ang mga kondisyon sa pagmamaneho kasama ang sang superbisor habang nasa pangsamantalang lisensya.

**aa.co.nz**/for-parents-and-supervisors

Mangyaring tingan ang unang pahina para sa proseso upang i-convert ang iyong lisensya galing ibang bansa sa NZ license.